# PROLOGUE

Pawis na pawis na si Ace, pero hindi pa rin napigilan ng dalawang babaeng lingunin siya at mapabuntung-hininga nang lampasan niya ang mga ito habang nagdya-jogging.

"Oh, my God! He's sooo guwapo!" narinig niyang tili ng isa habang sinusundan siya nito ng tingin.

"At ang bango-bango!" sagot ng isa pa habang kumukurap-kurap ang mga mata.

Magkakapit-kamay pa ang mga ito at halos lamunin ng tingin ang kabuuan niya. Isang ngiti ang naglaro sa kanyang mga labi bago siya tumigil sa pagtakbo.

Dahan-dahan niyang nilingon ang mga ito, lips slightly parted as he breathed heavily. Humugot siya ng isang malalim na hininga at saka ibinigay full blast ang kanyang winning smile. Kumindat siya sa dalawa, saka ipinagpatuloy ang pagtakbo.

Habang mahima-himatay ang mga dalagang obviously ay kilig na kilig, nag-flash sa television screen ang image ng isang produkto ng bath soap at ang ad copy ng commercial.

"Para lagi kang looking and smelling fresh!"

Sinundan iyon ng isang maingay at masigabong hiyawan sa loob ng opisina ng *NBI*, dahilan kung bakit biglang tumirik ang mga mata niya.

"Akalain mo, Ace, bentang-benta ka pa din!" obserba ni Gracie nang matapos ang commercial.

Hindi siya umimik.

"Aber, paamoy!" Idinikit ni Louie ang ilong sa balikat niya bago siya singhut-singhotin. "Bango nga!"

"Tigilan n'yo nga ako," palatak niya.

"Sus!" Ginulo ni Gabe ang buhok niya. "Suplado!"

Padabog na iniiwas niya ang ulo mula sa malikot na kamay nito. Isinara niya ang folder na kinalalagyan ng sinusulatang papel at saka siya tumayo.

"Huy!" pahabol ni Louie. "Saan ka pupunta?"

Tinaasan niya ito ng gitnang daliri bilang sagot at dere-derechong naglakad para pumunta sa records section ng opisina dahil may kailangan siyang kuning files mula roon.

*Puwede kayang pumatay ng kaibigan?* naisip ni Ace habang padaskol na naglalakad.

Dumagdag pa ba? Hindi pa ba sapat na tuwing may nahuhuli sila, ang unang reaksyon ng kriminal kapag nakita siya ay magpa-autograph o kaya ay i-recite ang mga taglines na dine-deliver niya sa bawat produktong ini-endorse niya?

Isa siyang operatiba ng *NBI*, for crying out loud! Abogasya ang tinapos niya, at isa siya sa mga nag-top sa bar sa batch niya. Hindi ba sapat iyon para respetuhin siya base sa propesyon niya? Wala bang saysay ang mga iyon sa mga kasamahan niya?

Napasulyap siya sa naraanang salamin. Ilang saglit niyang tinitigan ang sarili. Dibdib lang ang nakikita niya at kaunting bahagi ng mukha dahil pahalang ang pagkakakabit ng salamin. Hindi kasya ang reflection niya roon.

Nagpawala siya ng isang malalim na buntung-hininga kasabay ng isang mabagal na iling. Iyong iling ay hindi dahil disappointed siya sa nakita. Guwapo siya talaga, walang halong pagmamayabang.

Minana ni Ace lahat ng best features ng mga magulang: flawless fair skin, reddish lips at itim na buhok ng kanyang ina. Dark expressive eyes, matangos na ilong at matikas na tindig naman ang mula sa kanyang ama.

Pero iyon na nga, hanggang doon lang minsan ang nakikita ng mga nakakasalamuha niya.

Siya si Aryan Cael Crisostomo. Lawyer, *NBI* Agent, at certified heartthrob, pretty boy at laman ng panaginip ng maraming nagnanasang mga kababaihan.

*Dammit! Sometimes, being goodlooking can be such a curse*, frustrated na naisip niya habang nakatitig sa sariling reflection.

---

"Ano ito?"

Itinaas ni Pearl Nicasio ang kaaabot lang sa kanyang mga botelya na naglalaman ng malilinaw at walang kulay na likido.

"Padala ni Sam," sagot ng kaibigang si Marianne na kasama niya bilang researcher para sa isang development project sa Quezon. "Gusto niyang ipaulit ang test sa mga iyan kasi pakiramdam niya may nami-miss out kayo sa unang test na nagawa n'yo na."

"Ang ganda naman ng pasalubong niya." Nginitian niya ang babae. "Pakisabi, thank you from the bottom of my heart."

"Ikaw naman!" Natatawang tinampal nito ang

bisig niya. "Para namang nanibago ka pa d'un. Alam mo namang trabaho ang buhay n'un."

Umikot ang mga mata ni Pearl. "Ano pa nga ba?"

Inilapag niya ang mga botelya sa ibabaw ng stainless exam table sa kanyang laboratory.

"Kumusta si Doc?"

Katatapos lang niyang mag-celebrate ng birthday nitong isang linggo kung saan huli niya itong nakita roon pa mismo sa Quezon.

"Hindi siya masyadong okay," tugon nito.

Kumunot ang noo niya. Parang alam niya ang sagot kahit hindi siya magtanong.

"Si Olen?"

Nagkataon na nagbabakasyon ang babaeng nabanggit nang mga panahong naroon sila sa Quezon. Nakilala ito ni Sam at tila nagkamabutihan ang mga ito. Apparently, kung ano man iyon, mukhang hindi iyon pangmatagalan.

"She left, eh," dinig niya ang pagkalito sa boses ni Marianne. "Ewan ko, wala din namang binabanggit si Sam na detalye. Pero, God, I've never seen him look so lost..."

Lumunok si Pearl. For some reason, may bahagi sa dibdib niya na biglang nagsikip nang marinig iyon.

"Maiwan na kita," paalam na nito. "Medyo pagod ako sa biyahe. Idinaan ko lang iyan sa iyo para bukas derecho na ako sa meeting ko."

"Okay." Inihatid niya ito hanggang pintuan. "I'll start working on these tomorrow."

"Thanks, Pearl." Humalik pa ito bago tuluyang lumisan. "Sabihin ko na lang kay Sam."

"Ingat ka." Kumaway siya rito.

Nang mapag-isang muli ay binalikan niya ang work station. Naupo siya sa harap ng kanyang computer at saka binuksan ang kanina ay tinatrabahong report.

Bago niya i-restore ang document file, tinitigan muna niya ang litratong nakapaskil doon bilang kanyang wallpaper. Itinaas niya ang isang kamay para haplusin ang mukha ng imahe.

*"Kung ako na lang sana ang 'yung minahal,"* mahina niyang awit dito.

Huminga siya nang malalim para paluwagin ang paninikip ng dibdib. Ipinilig niya ang ulo upang iwaksi ang hindi magandang naiisip. Saka niya ini-restore ang document file. Nagsimula siyang tumipa

sa keyboard at magpakalunod muli sa trabaho para makalimutan ang masakit na pagbabara sa gawi ng kanyang puso.

Dahil kahit kailan, hindi siya makukuhang mahalin ng lalaking nasa litrato.

Si Dr. Sam Francisco ay in love sa ibang babae.

# 1

Late na late na si Ace!

Hindi niya ugali ang mahuli para sa kahit ano. Pero today of all days talaga, kailangan bang lahat ng klaseng aberya ang pagdaanan niya? Simula na sa pagkawala ng tubig sa kanyang apartment kaya doble sa tagal siyang naligo. Sinundan iyon ng pagkakadiskubreng flat ang gulong ng kotse niya so kailangan niyang magpalit. Dahil pinawisan siya sa ginawa, kinailangan niya muling maligo.

Nang nasa kalye na, kabi-kabila ang banggaan na nadaanan niya at dahil doon, siyempre pagkahaba-haba rin ng traffic dahil sa dami ng motoristang nakikiusyoso.

What the hell was wrong with that day?

And as if hindi pa sapat ang aberyang pinagdaanan ni Ace, sa paghangos niyang makarating sa conference room kung saan malamang nasimulan na ang briefing ng bago nilang hahawakang kaso, isang maligno pa ang sumalakay.

"Whoa!" Napaatras siya nang maramdaman ang pagsambulat ng mainit na likido sa kanyang dibdib.

"Hala, Ace, sorry!"

Si Aurea iyon—kaopisina niya at isa sa masugid niyang tagahanga.

Tinitigan niya nang masama ang splash ng mantsa ng kape sa puting linen polo na suot niya, pigil na pigil ang sariling magsalita ng hindi maganda.

"Okay ka lang ba?" Naglabas ito ng panyo at idinampi iyon sa bahagi ng dibdib niya.

*Of course, not! Paano ako magiging okay kung binanlian mo ako at namantsahan ang damit ko?*

"Au, okay lang, no problem," mahinang saad niya habang umiiwas sa kamay nitong nangha-harrass.

"Sure ka, ha?" Hinaplos pa ng babae ang kanyang bisig, sa gawi kung saan mayroon ding paso.

*Pigilan n'yo ako, parang awa n'yo na, bibigwasan ko 'to!* piping usal ni Ace sa kung anong nilalang ang makakarinig.

Kinikilabutan siya at hindi siya makapagsalita. Hindi sa gusto niyang manlait. Ayaw niyang sabihing pangit ito dahil sa totoo lang, mabait ito talaga. Pero kasi, pakiramdam niya kasintanda na ito ng nanay niya. Bukod pa roon, sa sobrang seryoso nito sa pagiging clerk sa kanilang opisina, malapit na itong

magmukhang fixture—fixture na nilulumot na sa kalumaan.

"Sige na, Au. May meeting pa kami." Nagsimula siyang lumayo. "Sobrang late na ako."

"Sorry ulit, ha. Kita na lang tayo, Ace." Nanulis pa ang nguso nito sa pagpapa-cute.

Alanganing ngiti ang iginawad niya rito habang pinipigil ang paghinga. Nang tumalikod ito at tuluyang lumayo ay saka lang niya pinawalan ang hininga. Sinundan niya iyon ng halos pagkaripas ng takbo palayo.

Suskopo naman! Mukhang balak pa siyang halikan!

Sa sobrang pagmamadali, isa na naman ang nakabanggaan niya—ang kasamahang si Gabe.

"Loko ka, muntik na tayong magkapalit ng mukha doon, ah," anito.

"'Sensya na, pare, nagmamadali lang."

"Ikaw na lang ang hinihintay." Sinabayan siya nitong maglakad.

Napapalatak siya. "Alam ko."

"Bakit ka marumi?" Itinuon nito ang mga mata

sa mantsa sa kanyang dibdib.

“Na-head on collision ko si Aurea, natapunan ako ng kape niya.”

“Oh? Hindi ka man lang nag-offer na bilhan siya ng kapalit n’ung natapon na kape?”

“Naman, pare, late na nga ako, bibilhan ko pa siya ng kape?” Inambaan niya ito.

“Bakit hindi? Concerned at friendly ka lang naman, di ba?” Kumindat-kindat pa ito na halos gusto na niyang sundutin sa mata sa sobrang inis.

“’Tapos, mag-iilusyon na naman siya na may relasyon nga kami,” aniya. “Magpapakamatay na lang ako.”

Tumawa si Gabe. “Bakit ba ayaw mo sa kanya? Love na love ka pa naman n’un!”

“Tado!” Kinutusan niya ito.

Nasaktan ito pero hindi nagpapigil sa muling paghirit. “Hirap maging pretty boy, ’no?”

“Ewan ko sa ’yo.” Iningusan niya ito. “Alam mo, di ko yata alam kung mas gusto kita noong masungit ka pa o ngayong parang parati kang bagong hithit ng marijuana. Ganyan ba epekto sa iyo ni Justine?”

"Ayaw mo pa kasing magseryoso, eh."

"Seryoso ako sa trabaho ko," suplado niyang sagot.

Wala na sa kanilang umimik hanggang makarating ng conference room. In fairness sa kaibigan, sensitive pa din pala ito kahit pa naging slightly mapang-asar mula nang mag-asawa...

Asawa daw, o! Ilang buwan na mula nang mairaos ang kasal ni Gabe. Ngayon ay malapit na ring maging ama dahil ine-expect na nitong manganak si Justine in the next couple of weeks. Pero parang hindi pa rin siya makapaniwalang lumagay na nga ito sa tahimik. Siya kaya?

Ipinilig ni Ace ang ulo. Matagal pa iyon. Matagal na matagal pa. In the meantime, may meeting siyang kailangang bigyan ng atensyon.

---

Maingat na nagpatak ng ilang guhit ng likido si Pearl Nicasio sa isang test tube. Gamit ang isa pang dropper, nagsukat siya ng ilang guhit ng ibang likido at isinalin iyon sa nauna. Nilagyan niya ng rubber stopper ang tube at inalog iyon para maghalo nang mabuti ang mga laman niyon.

Itinaas niya sa ilaw ang hawak at saka pinanood ang pagbabago ng kulay nito. Napapalatak siya sa nakita.

"Problem, Pearl?" tanong ng kasamahang si Gladys.

"Bad," aniya sabay iling bago pabulong na inulit nang ilang beses ang sinasabi. "Bad, bad, bad..."

"Ano 'yan?"

"Water sample galing sa project site namin sa Quezon." In-unplug niya ang tube at saka muling nagsalin ng ilang patak sa isang petri dish. Inilagay niya muna ang tube sa isang rack at saka sinilip sa microscope ang inihiwalay na specimen. "Supposedly, 'yung ilog doon ay prime water source ng community. Medyo may unnatural cases ng sakit ang ilan sa mga taga-roon so ipinadala ito sa akin ni Doc para i-test ulit kahit may results na iyong preliminary tests na ginawa namin doon."

"And?" untag pa nito.

"Contaminated nga. May lason. Nalalason 'yung mga tao..." Humarap siya rito habang nagtatanggal ng suot na surgical gloves.

"Industrial waste?" hula ng kasama.

Tumango lang si Pearl. "May malapit sigurong pabrika o kaya minahan d'un sa lugar. Hindi ko pa sure." Kumilos siya para maupo sa harap ng computer niya sa lab.

"May kailangan ka pang tulong?" Inayos nito ang mga nagamit niyang materyales.

Tumango siya. "Usap tayo mamaya." Sinimulan niyang mag-type ng report. "Mag-e-endorse ako sa iyo ng stuff kasi babalik ako ng Quezon for this."

"Babalik ka pa? Hindi ba puwedeng e-mail na lang?"

"This is too important," iling niya.

"Okay." Naghugas ito ng mga kamay. "Lalabas ako, may gusto kang ipabili?"

*Traces of cadmium, arcenic and lead...*

"Perlita!"

"Hmm?" Umangat ang ulo niya.

"Sabi ko baka may gusto kang ipabili." Tumayo ito sa likuran niya. "Magtatanghali na din naman, di ka pa ba gutom?"

"Kahit anong gulay at pritong isda." Binalikan niya ang pagtipa sa keyboard.

*Varying amounts ingested and/or inhaled at the source may cause serious organ damage. Deterioration of cognitive skills in children… May also cause death if pollutants increase in volume…*

“Crush mo si Doc Francisco?”

“Ha?” Gulat na napabaling siya rito dahil sa pagtatanong nito. Saan nanggaling iyon?

May pilyang kislap ang mga mata nito at malawak na malawak ang ngiti. Nakatuon ang tingin nito sa kanyang computer screen.

Hahampasin na lang niya ng beaker ang noo. Sa lahat naman ng makakadiskubre ng sekreto niya, ito pang assistant niya na ubod ng alaskador!

*Shet na malagket!*

“Wala ito.” Binalikan niya ang ginagawa, pero parang hirap na hirap siyang mag-type dahil nanginginig ang mga kamay niya. “Nag-iiba ’yan every ten minutes. ’Tapos pics naman nina Luigi, Marianne at Archie ang lalabas.”

“More than ten minutes na akong nakatayo dito at walang ipinagbabago iyan.” Naghalukipkip ito.

Tumigil ang mga kamay ni Pearl sa pagpapanggap. Nag-hang na rin ang utak niya sa report na ginagawa.

Tinitigan na lang niya tuloy ang nakasilip na mukha sa wallpaper.

Si Doc Sam. Siguro kung ito ang magiging attending physician niya, hahanap at hahanap siya ng magiging sakit para parati siya nitong kailangang i-check up.

"I admire him, okay?" Nagkibit-balikat siya. "Anyone would."

"True," anito habang papalabas ng laboratory.

Nakahinga siya nang maluwag nang maglaho ito sa likod ng swinging doors. Akala niya mahihimatay na siya sa tensyon, lalo kung itutuloy nito ang panunudyo.

Akala lang niya iyon.

"Pero alam mo, payong kaibigan lang," muling lumitaw ang babae mula sa pintuan, muntik na tuloy siyang mahulog sa upuan dahil sa gulat, "masyado kang maraming karibal. 'Wag mo nang pagnasahan."

Ouch… And as if nagko-conspire ang universe sa insultong tinanggap, pumailanlang ang kanta ni Jamie Rivera sa tumutunog na radyo.

*Pangarap ka na lang ba, o magiging katotohanan pa, bakit may mahal ka nang iba.….*

Pinigilan ni Pearl ang sariling ibato ang aparato. Lekat namang.... Bakit ba kasi!

Napabaling ang mga mata niya sa isang maliit na salaming nakasandal sa gilid ng cubicle ni Gladys. Kahit ba may asawa na ito, banidosa pa rin ang loka.

Tinanaw niya ang reflection niya roon bago siya mapangiwi sa nakita. Ang layo ng hitsura niya kay Olen. Iyong isang iyon, siguro kahit suotan ng sako ng uling, magmumukhang prinsesa pa rin. Kaya naman nahumaling dito si Sam. Samantalang siya....

Unang una, maliit siya. Lagpas lang ng kaunti sa limang talampakan ang taas niya. Mabuti na lang hindi siya mataba dahil kung hindi, magmumukha siyang bola na puwede na lang pagulungin. Pero dahil nga maliit, nasasabihan naman siyang huwag na huwag magsusuot ng palda dahil baka mapagkamalan siyang sipa.

Makapal ang buhok niyang kulot ang mga hibla. Hindi lang minsan siyang natuksong mukhang pang-isis iyon ng kaldero or worse, na isa siyang Aeta dahil hindi din naman siya maputi. Kahit pa siyempre, exaggerated iyon dahil kung tutuusin ay kayumanggi lang naman ang kulay ng kanyang balat at hindi maitim.

May suot siyang makapal na salamin dahil malabo ang kanyang mga mata. Allergic naman siya sa contact lenses. Laser lang ang katapat para luminaw ang paningin niya at good luck kung may budget siya para ipagamot ang sarili.

To top it all, she had a limp na dulot ng isang vehicular accident noong high school siya. Kasabay ng pagkapilay niya ay nakuha niya ang isang mahabang pilat sa gilid ng kanang hita mula tuhod paibaba dahil naipit iyon sa loob ng sasakyan. Kaya hindi siya nakakapagsuot ng maiiksing shorts o palda. Napakapangit kasing tingnan.

So, oo nga. Paano pa siya mapapansin ni Doc sa lagay na iyan? Kapag itinabi siya sa Olen na iyon, magmumukha siyang yaya nito.

Ipinilig ni Pearl ang ulo para mawala ang nararamdamang panic at awa sa sarili. Sinabi nga ng kanyang nanay, nunca na mangyaring magustuhan ng isang ibon ang isang palaka.

Huminga siya nang malalim at muli na lang nag-concentrate sa tinatapos na report.

*Ngunit di bale na, kahit mahal mo siya... Mahal naman kita...*

Pesteng kanta!

# 2

Malagim ang expression sa mukha ng *NBI* senior operative na si Andrei Soriano habang nakatayo sa harapan nila. Pinakinggan ni Ace na tapusin nito ang paglalahad ng detalye ng isang kasong napadpad sa mga kamay nito sangkot ang isang minahan sa Quezon. Nagli-leak ang toxic waste ng minahan sa natatanging water supply ng distrito at apektado niyon ang kalusugan ng mga taga-roon.

Matalik na kaibigan ni Andrei ang kapatid ng isang Dr. Samuel Francisco na leader ng research team na naroon para sa project. Ang doktor at ang laboratory technician ng team ang nakadiskubre ng presence ng toxins sa tubig doon. Of course, dahil walang capacity ang mga ito para mag-conduct ng extensive at legal na imbestigasyon, inilapit sa kanila ang pagsalo sa nasimulan ng mga ito.

"We have every reason to believe na illegal ang operations ng minahang iyon dahil base sa initial reports, walang papeles or any documentation from the *DENR* na may mining operations doon. Neither is there any company registered under the *SEC* na ang nature ng business ay mining."

"Sisimulan ko ang background check ng mga kompanyang naka-base sa lugar pati sa nearby provinces para makita kung mayroong posibleng mag-venture into mining," ani Louie, ang kanilang computer expert.

"Salamat, Louie," tango ng binata. "Ace," umangat ang ulo niya nang tawagin siya nito, "you're joining me. Pupunta tayong Quezon the day after tomorrow. Siguro magtatagal tayo doon ng roughly isang linggo."

"Okay," sagot niya. Aksyon na naman!

Sinimulang iligpit ni Andrei ang ginamit na LCD projector at ilang papeles. "Les, pa-secure ng mga kakailanganing warrants para legal at documented ang pagpunta namin doon."

"Will have them for you by noon tomorrow or as soon as may ma-pinpoint si Louie na kompanya today," ani Heracles Marasigan na noon ay kababalik lang mula sa honeymoon nito.

"Sige. Salamat sa inyong lahat," pahabol ni Andrei nang nagsimulang magsialisan ang mga kasamahan niya. Pero bago pa siya nakasunod, may pahabol itong bilin sa kanya.

"Ace, pag-aralan mo muna ito." Iniabot nito ang

isang folder. "'Yan 'yung laboratory results na ginawa nina Sam at Pearl, plus nandyan din 'yung profiles nila as well as 'yung profile ng lugar kung saan nila ginagawa ang research."

"Yeah, thanks," sambit niya habang tahimik na nagpapasalamat na hindi nito—

"Kung nakarating ka lang sana on time, hindi ko na kakailanganing ibigay sa iyo 'yan para basahin."

Napakagat si Ace sa labi. Akala pa naman niya nakalusot na siya. Kapag minamalas ka nga naman talaga!

"I'm really sorry, Drei," muli siyang humingi ng paumanhin. "I had a rough morning."

Nagkibit ito. "Sh*t happens."

Natawa na lang siya. Trust Andrei Soriano to be so cool about anything. Wala yata sa bokabularyo nito ang magalit.

Pagbalik niya sa kanyang work station, agad niyang binasa ang inabot sa kanyang mga papeles para mapag-aralan nang mabuti ang kaso pati na ang kanilang subjects.

Hindi bago sa kanya ang pag-iimbestiga sa mga illegal operations. Lagpas pa nga lang ng isang taon

mula nang maipasara nila ang isa sa pinakamalaking drug cartel sa bansa. So sisiw lang sa kanya ang bagong assignment na ito.

Habang binabasa niya ang mga report na nai-submit sa kanilang unit, alam niyang hindi sila mahihirapang mag-build ng kaso laban sa kung sino ang nasa likod ng hindi magandang gawaing iyon sa lugar. Impressive ang personal background ng mga nakahagip sa kaso. Impressive din ang trabahong ginagawa ng mga ito. Halos wala nang kailangang idagdag sa nagawa ng mga ito na report except to pin it on the culprit.

Bago siya natapos sa pagbabasa, natigil siya at napatitig sa isang litratong kalakip ng biodata ng isa sa mga pangunahin nilang source sa kaso.

“Pearl Nicasio,” parang dasal na bulong niya ng pangalan nito.

Maliit ang bilugang mukha ng dalaga, parang sa bata. Kahit sa litrato at may suot itong eyeglasses, kita niya ang magandang hugis ng mga mata nitong napapalibutan ng makakapal at malalantik na pilik. There was something about the way her brows were perfectly and neatly arched that gave her an innocent look. All in all, maganda ang babae.

Although, she wasn't really pretty by his standards. So bakit siya nag-aaksaya ng panahong titigan ito?

"Suwerte mo, hindi ka nabembang," hirit ni Heracles mula sa kanyang likuran.

"Ang tatanda na natin, mabebembang pa ba tayo kapag na-late tayo sa briefing?" Ibinalik na niya ang litrato sa loob ng folder.

"Baka ikaw," sumingit sa usapan si Gabe.

Bilang standard answer kapag inaaryahan siya ng alaskahan, tinaasan niya muli ng daliri ang mga ito na sinundan lang ng mga kalalakihan ng malakas na tawanan.

"I found something," anunsyo ni Louie na habang nagaganap ang asaran ay nakatutok sa computer screen nito.

Agad lumipat dito ang atensyon ng mga kasamahan niya roon para marinig kung ano ang sasabihin nito.

"*Emerald Properties, Inc.* Naka-base 'yung company sa Batangas pero may pabrika sila ng RTW sa Lucena. For some reason, kung pagbabasehan lang iyong volume ng sales ng products nila, they are only

supposed to be making a few million a year. Pero kung ila-lifestyle check natin ang pamilya ng may-ari ng 'pabrika,' nagbubuhay-bilyonaryo sila. Malinaw na may nakukuha silang income na hindi nakadeklara kung saan galing."

"'Yan na malamang 'yun," aniya. "Puwedeng front lang 'yung manufacturing business nila for the mining operations. Baka din may sangkot diyan na local officials, ha, check na din natin."

"Pahinging detalye." Agad ding kumilos si Les. "Matrabaho na 'yung kakailanganin nilang warrant pagpunta doon."

Busy na muli sa trabaho ang mga alaskador niyang kaibigan, binalikan na rin niya ang binabasang files. Inilatag niya sa mesa ang mga papeles, kumuha siya ng notepad at habang nagte-take down siya ng notes, hinawakan niya ang isang piraso ng kuwadradong...

"May bago ka na namang syota?" Nagulat siya nang biglang bumulalas si Les na nakatayo pala sa tabi niya.

"Gago!" Itinulak niya ito palayo. "Akala ko ba sabi mo hindi tinatawag na 'syota' ang mga babae? Saka kliyente kaya natin 'to, alangan namang 'syotain' ko?"

"O, ano naman?" Ngumisi ito. "Babae 'yan. Alam

naman nating lahat ang reputasyon mo pagdating sa mga babae."

"Tigilan mo nga ako, Marasigan." Yamot na idinaan niya ang mga daliri sa buhok. "Di ba may kailangan kang gawin para sa lakad namin sa makalawa?"

"Tapos na," mayabang nitong turan. "Naghihintay na lang po ng signature ni Judge."

"Wala ka bang ibang gagawin?" Pilit siyang umiiwas sa paglilikot nito. "Anak ng pating, ganito ba nagiging epekto ng pagkakaroon n'yo ng asawa, ha?"

"Sino may asawa?" Nanlalaki ang mga matang nakigulo sa kanila si Gabe.

"Ako, wala pa," kibit ni Louie pero hindi nito tinatanggal ang atensyon sa pagtipa sa keyboard.

"Manigas kayo!"

Padabog siyang nagligpit ng mga kagamitan. Makiki-squat na lang siya sa opisina ni Andrei kaysa magpapeste sa mga taong ito.

---

Nakatitig sa kawalan si Pearl. Or, hindi talaga sa kawalan kasi medyo lagpas lang sa mukha ni Doc

Sam tumatama ang tingin niya habang malalim na nag-iisip.

Iniisip niya kung gaano ito kaguwapo pala talaga at napakabait ng mga mata. Iniisip niya kung ituon na lang sana nito ang tingin sa kanya na tulad ng pagtingin nito kay Olen... Baka mataranta siya. Nakakahiya kung biglang mahimatay siya.

"Darating this afternoon si Andrei at iyong teammate niya, si Ace," narinig niyang imporma ni Doc Sam.

Tumango siya habang absentmindedly ay nginunguya ang piraso ng kinagat na sandwich.

"Mabuti kung mabibigyan natin sila ng directions papunta doon sa nakita nating location ng minahan," patuloy nito. "Sisimulan na nila ang pag-iimbestiga."

Tumango muli siya pero nanatiling tahimik.

Naningkit ang mga mata nito. "Pearl?" tawag nito na mas malakas.

Kumurap siya. "Alin?"

"Sabi ko parating na 'yung taga-*NBI* na best friend ng kapatid ko, para makapag-imbestiga," ulit nito.

"Ah, okay. 'Yung tungkol 'yan sa mine?"

Napangiti ito at bahagyang umiling. "Sabi ko nga."

Sino ang sasama sa mga agents sa pinaghihinalaan nilang site? Hindi naman siguro ito mismo. Baka mapahamak ito, sayang ang lahi.

Susko, makakayanan ba niya iyon?

"Pearl, may problem ba?" Dumukwang ito para lumapit sa kanya.

"Ha? Wala naman." Napaatras siya. Kung hindi kasi siya lalayo baka matukso siyang halikan ang lalaki. "Sasamahan ko sila. Anong oras sila darating?"

"Hindi naman sila kailangang samahan. Puwedeng bigyan na lang natin ng directions, baka kung ano'ng mangyari sa iyo doon."

*Uy, concerned si Doc sa ak.... Shut up, Pearl.*

"Eh, mahirap puntahan iyon," katuwiran niya.

Umiling ito. "Siya, ako na lang ang sasama."

No! Paano si Olen? Paano siya?

"Kaya ko naman, Sam." Inilapag niya ang kanina pa sinusubukang ubusing sandwich na nalalasog

na sa pagkakahawak. "Kaysa naman ikaw ang mapahamak."

"O, bakit parang may malalim na ibig sabihin 'yung sinabi mo?" Kumunot ang noo nito.

"Doc, kasi... kapag ikaw ang napahamak, paano mo pa maaayos ang relasyon n'yo ni Olen?"

Tuluyan itong tumahimik, nakatitig lang sa kanya na parang hindi makapaniwala sa sinasabi niya. Naisip niya tuloy ipaliwanag ang huling binanggit.

"I'm sorry, Sam, pero kasi..." Kinagat-kagat niya ang labi. "Pasensya ka na kasi narinig ko lang kay Marianne. Umalis daw si Olen at parang hindi maganda ang paghihiwalay n'yo. So..."

"That has nothing to do with me being concerned about you sa binabalak mo," iling nito.

Lumunok siya. Baka maiyak na siya, eh.

"Pearl," inabot nito ang kanyang kamay at hinawakan iyon nang mahigpit na parang pati puso niya ay hawak na nito sa palad, "bakit iniisip mo na mas importante akong maging safe kaysa sa iyo? Palagay mo ba hindi ka importante?"

Umiwas siya sa mapanuri nitong tingin.

"Doc, hindi sa gan'un." Huminga siya nang malalim para alisin ang bara sa kanyang lalamunan. "Kaya lang... kailangan ka ng project na ito. May mga taong nangangailangan ng tulong mo, ng expertise mo. Bihira ang tulad mo, Sam. At may Olen na naghihintay sa iyo."

Matagal itong hindi umimik bago kumilos para ilagay ang bisig sa balikat niya.

"Ano ka ba." Hinaplos nito ang kanyang likuran. "You are just as important to anyone here as I am. Kung hindi ko pa nasasabi, or kung hindi ko man naipaparamdam, gusto kong maintindihan mo. Importante ka—sa team, sa akin, sa proyektong ito. Kasi may naitutulong ka na hindi maibibigay ng iba."

Hayan tuloy, naiyak na siya nang tuluyan.

"Sabi ko nga, eh," hikbi ni Pearl habang pinipigilan ang sariling i-enjoy nang todo ang init ng yakap nito. "Kung sana lang naging kasingganda ako ni Olen, siguro may nagmamahal na din sa akin na tulad mo."

Lalong humigpit ang yakap nito sa kanya. "Don't be like this, Pearl. It's not like you to be thinking this way about yourself."

*Hindi mo lang alam...*

"Sorry." Marahang itinulak niya ito palayo. "Tama ka, nagda-drama ako. Baka malapit na ang period ko kaya ako sobrang emotional. Saka stressed na rin ako. Hindi ko na alam what to make of all this. Parang iniisip ko tuloy na sana wala na lang tayong na-discover na mali para wala na ding gulo."

"You don't mean that," maunawaing tugon nito. "Kung hindi dahil sa findings mo, magpapatuloy lang ang pagkakasakit ng mga taga-rito. I'm sure hindi mo iyon gusto."

Suminghot siya bago umiling. "Hindi nga."

Hinapit siya nitong muli para yakapin at saka siya nito ginawaran ng halik sa tuktok ng ulo.

May sasabihin pa sana ito nang may tumikhim mula sa gawing pintuan ng kuwarto.

"Doc, may naghahanap po sa inyo," anang katiwala ng lugar. "Andrei Soriano daw po ang pangalan."

Tumango muna ito. "Sige, papasukin mo muna, please. Susunod ako." Pagkatapos ay humarap ito sa kanya. "Okay ka na?"

Sinikap niyang ngumiti. "Yeah, okay na."

"Okay. Business concerns na." Tinungo nito ang

direksyon ng pinto. “Sunod ka na, ha?”

“Yup.” Binigyan pa niya ito ng thumbs up sign.

Diyos ko naman. Sa lahat naman ng pagkakataon, bakit ba ngayon pa niya kailangang mawalan ng poise? At sa harap pa ni Doc Sam, no less!

Nagtungo muna siya sa banyo para maghilamos. Sinubukan niyang ayusin sa pinakamaayos na puwedeng maiayos ang kanyang buhok. Pinunasan ang tear stains sa salamin niya. Matapos unatin ang lukot sa damit, sumunod na rin siya patungong sala kung saan naroon si Sam at ang mga bisita nito.

“This is Pearl, our laboratory technician,” agad na pakilala nito sa kanya sa dalawang naroon. “Pearl, si Andrei at si Ace.”

Saglit na hindi siya nakapagsalita. *NBI* agents ang mga ito? Posible palang may guwapong agents? Akala niya sa *CSI* o *Criminal Minds* lang sa TV may ganoon.

“Hi,” bati niya sa mga ito na sabay tumayo para makipagkamay sa kanya.

“We read your report,” anang isa sa mga ito, iyong tinawag na ‘Andrei’. “Sobrang thorough.”

Nagkibit siya. “Kasama sa training ko.”

"I'm sure hindi na kami mahihirapang buuin ang kasong ito," sabi ng isa pa, iyong Ace.

Napatitig siya bigla rito. Pati sarili ay ginulat niya sa sumunod na sinabi na walang kinalaman sa presensya ng mga ito roon. "Ikaw ba 'yung sa commercial ng..."

"Ako nga," putol na nito ang sinasabi niya.

"Ah," tumangu-tango lang siya. "Akalain mo."

"Yeah, oo nga. Apparently, may kakayahan din palang maging *NBI* agent ang isang commercial model," hirit nito dahil narinig nito ang malakas na bulong niya.

"Wala akong sinasabing ganoon," mariin niyang tanggi.

"But you were thinking it," pamimilit ng lalaki.

Napaawang ang bibig niya. She couldn't believe kung gaano kasuplado ang kausap samantalang ngayon lang niya ito nakilala.

At dahil mas mabilis ang reaction nilang dalawa sa isa't isa bago pa man naka-react ang mga kasama nila, hindi na niya napigilang magtaray.

"'Wag mong imbentuhin kung ano'ng puwedeng

naiisip ko. For your information, I only meant akalain mo nga namang may makilala akong sikat samantalang parati akong nakakulong sa laboratory."

Hihirit pa dapat ito kung hindi niya napansing pinigilan ito ni Andrei at muli ring nagsalita si Sam.

"Nananghalian na ba kayo?" Iminuwestra nito ang kamay patungong direksyon ng komedor. "Nakahain na yata, dito muna tayo."

Nagtiim siya ng bagang at mula sa sulok ng kanyang mga mata, napansin niyang nakatungo na lang ang binata at tahimik na sumusunod sa kanila.

Gusto niyang sipain ang sarili. Clearly, today just wasn't her day. Sana bukas na... Baka sakaling mas okay.

# 3

Hapon na iyon ng unang araw nila sa *Villa Rosa*. Ang sabi ni Doc Sam kinaumagahan na daw sila masasamahan papunta roon sa nakita ng mga itong source ng pollutants ng tubig-ilog. In the meantime, nagpapahinga siya sa kuwartong in-assign sa kanila ni Andrei. Siya lang muna ang naroon dahil nakikipag-usap pa ito kay Doc. Sa palagay niya ay kumustahan iyon dahil best friend nga pala ni Andrei ang kapatid nito.

Habang nakatanghod sa bintana, nilanghap ni Ace ang samyo ng sariwang hangin-dagat. Tinanaw niya ang kumikislap na tubig na unti-unti nang nagbabago ng kulay dahil sa papalubog na araw. May ilang namamasyal sa baybay, naglalangoy o kaya ay nanonood lang din ng lagaslas ng alon. Dinig niya ang masasayang mga tawanan at boses kahit pa hindi niya naiintindihan ang pinag-uusapan ng mga ito.

Huminga siya nang malalim. Sumilay ang malungkot na ngiti sa kanyang mga labi. Kung sana lang, parating ganoon kasimple ang buhay...

Napadako ang mga mata niya sa isang pamilyar na pigura. Nakaupo ito sa breakwater, halos patalungko

at yakap ang mga tuhod.

Pamilyar? Paanong magiging pamilyar iyon samantalang kanina niya lang ito nakilala? Must be her hair... And that deliciously curvaceous figure...

“Ace,” agad na bati ni Andrei nang pumasok ito ng kuwarto, “dinner na in a few minutes.”

“Oy.” Nilingon niya ito. “Yeah, sige.”

“Mga eight a.m. daw tayo aalis from here tomorrow, pagkatapos mag-agahan,” balita nito.

Tumango si Ace. “Palagay mo, may makakausap na tayo doon?” Kinusot niya ang mga mata dahil tila nanlabo iyon sa biglang shift mula sa liwanag sa labas patungo sa bahagyang lamlam ng ilaw sa loob.

“Hindi ko lang sigurado.” Naupo na ito sa kama at nagtanggal ng sapatos. “Sabi ni Sam noong sinubukan nilang magtanung-tanong tungkol sa kung naroon ba at kung puwedeng makausap ang may-ari, lahat ng naroon walang masabing matino. ’Tapos noong sinabi nilang kailangan nila ng tulong para sa mga residente ng Barangay 3 dahil nalalason sa tubig, halos ipagtabuyan sila n’ung guard na nasa gate.”

Isinuklay niya ang mga daliri sa buhok habang naglalakad patungo sa kamang ookupahan niya.

"Puwede ba malaman kung ano'ng nangyari kanina?" biglang naitanong nito.

"Saan?" paglilinaw niya pero alam niya kung ano ang tinutukoy nito.

Ngumiti lang ito; nakataas ang isang kilay patanong. Nagpakawala siya ng isang buntung-hininga.

"I honestly don't know." Napakamot si Ace sa ulo. "Nasabi ko na 'yung nasabi ko bago ko pa naisip kung ano 'yung lumabas na salita sa akin."

Tumitig lang ito sa kanya. Hindi siya natakot na kakastiguhin siya nito dahil nababasa niyang walang galit sa mga mata nito. Isa pa, hindi tipo ni Andrei ang umaastang disciplinarian. He would always trust his colleagues and subordinates to be responsible for their actions.

"Ace, hindi pa kita nakitang napikon nang gan'un," patuloy nitong puna.

"I know," amin niya. "I'll apologize to her later."

"May problema ka ba? Baka makatulong kung pag-uusapan."

Pumikit siya nang mariin habang hinihilot ang sentido. "It's just been a tiresome week."

“Pamilya?”

Bumuga siya ng hangin. “Ewan ko ba kung bakit hindi maintindihan ng mga magulang ko na importante para sa akin ang pagiging agent ko. ’Yung career ko sa commercial modeling, lipas na. Ginawa ko ’yun dahil kailangan kong kumita ng pera para makapag-Law ako. In-extend ko lang nang konti para makabili ako ng sarili kong condo at kotse. Wala akong balak maging professional na artista.”

“Pero pinipilit ka pa din nila?”

“Mas malaki daw ang kita doon at sisikat pa daw kami. Imagine mo ’yun? *Kami*. Ibig sabihin, kasali sila. Ni hindi na naisip na kung sakaling iyon nga ang gagawin ko, hindi na sila matatakot na bukas makalawa, baka umuwi ako sa kanila nang nakakahon.”

Maunawain ang ngiting iginawad ng kausap.

“Nape-pressure na nga din ’yung isang kapatid ko, ’yung panggitna, kasi iyon talaga ang kamukha ko sa aming walo. Pinapapasok siya ng nanay ko para mag-showbiz. Eh, gusto lang sana ni Arik mag-accountant dahil magaling sa numero. Kung sakali pa, gustong magturo na lang din kasi maganda yata ang offer kung doon siya sa school din niya mismo

magtatrabaho."

"And of course, hindi mo sila puwedeng dedmahin basta-basta," obserba pa nito.

"Wala daw akong utang-na-loob. Ewan ko kung para saan ang utang-na-loob na 'yun samantalang pagkatapos ko ng elementary, ni hindi na nila ako nasuportahan para sa kahit ano. Nagtapos ako ng high school at college dahil sa scholarships na nakuha ko bilang varsity basketball player na pati allowance ko bilang scholar, sa kanila napupunta bilang tulong ko para mapaaral iyong iba kong mga kapatid. Nakakainis. Parang hindi ko sila magulang," malungkot na iling niya.

"What can I say?" maunawaing tugon ni Andrei. "You'll just have to grin and bear it. Ang magulang ay magulang. Hindi mo naman sila puwedeng i-disown."

"Iyon na nga."

Natahimik sila pareho matapos iyon, kapwa may iniisip. Napasulyap siya sa bintana at nakitang dumidilim na.

Naroon pa kaya si Pearl?

"Drei, mauna muna 'kong bumaba," paalam niya. "Maninikluhod lang ako sa... Alam mo na 'yun."

Bahagyang natawa ito. "Hindi bagay sa iyo, pare, pero sige lang. Suportado kita!"

Itinaas niya ang isang kamay pakaway bago lumabas ng kuwarto.

---

Paborito niyang oras ang sunset. Iyon nga lang, bihirang nae-enjoy ni Pearl ang tahimik at halos may mahikang oras na iyon lalo pa at taga-Maynila siya, at madalas sa hindi ay nakakulong lang sa kanyang laboratoryo. Pero ngayon—this hour, this minute, habang nasa baybay siya—the moment couldn't be more perfect.

"Pearl?"

O ilusyon na naman ba niya na mae-enjoy niya ang sandaling iyon?

"Naistorbo ba kita?"

Alam niya kung kaninong boses iyon. Hindi niya inaasahan pero hindi naman niya balak ipagtabuyan.

"No, wala naman akong ginagawa, eh," kibit niya habang nakatuon pa rin ang paningin sa karagatan.

"Puwedeng makiupo?"

Lumingon siya para sulyapan ito pero hindi

umabot sa mukha nito ang tingin niya. Inginuso lang niya ang espasyo sa tabi niya.

“Hindi naman akin ang lugar,” ani Pearl.

Tahimik itong naupo sa gawing kanan niya, nakaharap din sa dagat. Ilang saglit silang nanahimik bago niya naramdaman ang paghinga ni Ace nang malalim. Narinig niya ang pagtikhim nito. Saka ito nagsalita.

“I’m sorry,” simpleng bigkas ng binata.

Inalis niya ang pagkakatingin mula sa dagat. Una niyang inilipat iyon sa mahahabang pares ng binti na nakalatag sa harapan nila. Iniangat niya sumunod sa kamay nitong nakapamulsa sa suot nitong olive green na cargo shorts. Tumaas pa muli ang mga mata niya sa matipunong dibdib na balot ng itim na t-shirt. By the time nakarating ang titig niya sa mukha nito, lalo na sa mga matang tila nakakatunaw kung makakatagpo, pigil na pigil na ang hininga niya’t nahihilo na siya nang bahagya.

*Diyos ko po. Kung di ko lang mahal si Doc Sam…. Teka nga! Eh, hindi ikaw ang mahal niya so magtigil ka na lang sa kakailusyon mo.*

“It’s okay.” Nakuha niyang sumagot na hindi tunog daga ang boses. “Pasensya ka na din, humirit

pa talaga ako. I should have felt na baka hindi maganda ang pakiramdam mo kaya ka nakapagsalita ng ganoon."

"Pearl, hindi mo naman ako kailangang i-excuse," anito. "I was a jerk and I admit to it, and I apologize."

"Puwede naman sigurong sabihing quits na tayo?" Inilahad niya ang palad dito bilang peace offering.

"Sige, at baka puwedeng simulan natin ulit mula sa umpisa." Tinanggap nito ang pakikipagkamay niya. "Hi, I'm Ace Crisostomo, former commercial model and full-time *NBI* agent."

Ngumiti ito. Mabuti na lang, maagap siya dahil muntik na siyang mapabuntung-hininga sa liwanag na idinulot ng ngiting iyon sa expression sa mukha nito.

Lumapad ang ngiti sa kanyang mga labi nang maramdaman niya ang init ng palad nito. "I'm Pearl Nicasio, medical technician. Pleased to meet you."

"Friends?" Nakataas ang kilay nito patanong bago ibalik ang kamay sa pamumulsa.

Friend. Ayan, expert siya diyan; ang maging friend.

“Sure,” tango niya. “One can’t have too many, right?”

“Right,” sang-ayon ng lalaki. “Thank you.”

“Thank you din.”

Muli nitong ibinaling ang pagkakatingin sa dagat. Ilang saglit silang nagsalo sa katahimikan.

“So dahil friends na tayo, puwede naman na siguro akong magtanong ng medyo personal?” pangahas ni Pearl.

Muling natawa ito. “’Wag lang masyadong mapang-intriga para sagutin ko.”

Sinabayan niya ang pagtawa nito. “Bakit ka natatakot sa kung ano’ng puwede kong itanong? Naso-showbiz ka ba?”

“Ano?” kunot ang noong tanong nito.

“Showbiz! ’Yung tipong kapag may itinanong ako ang isasagot mo ay, ‘*No, we’re just friends*’ kahit walang kinalaman ’yun sa tanong ko.”

Nakanganga lang ito sa kanya bago humagalpak ng tawa.

“Ayan!” Namaywang si Pearl sa harap nito na sa palagay niya ay malapit nang gumulong sa

buhanginan. "'Yan ang napapala mo, showbiz ka nga! Ini-expect mo na magtanong ako tungkol sa pagiging artista mo, ano?"

"Malay ko ba?" Inihilamos nito ang mga kamay sa mukha at saka tumayo na rin katabi niya. "Wala naman kasing nagtatanong sa akin ng tungkol sa trabaho ko. Parati lang tungkol sa kung magkano kinikita ko, kung totoo ba na maganda 'yung kapareha ko sa isang commercial, o kung may girlfriend na ako."

"Well, sorry ka kasi wala sa lahat ng 'yun ang tanong ko," pailing-iling niyang sabi.

"So ano nga ang itatanong mo?"

"Gusto kong malaman kung..." Huminga muna si Pearl para hindi siya mapatawa sa itatanong, "... lahat ba ng agent sa inyo guwapo?"

"Ano?" Hindi pa rin makapaniwala ang tinging ibinato nito sa kanya.

"Kasi guwapo si Andrei. Guwapo ka din naman. 'Yung mga kasama mo ba ganyan din ang hitsura?"

"Para kaming specimen," komento nito.

"Sagutin mo na nga lang tanong ko." Nagtatakbo siya patungo sa pampang kung saan hinahalikan ng

tubig ang dalampasigan.

“Ah...” Mukhang seryosong napaisip ito habang sumusunod sa kanya. “Siguro. Kaya lang hindi ko alam kung anong standard mo ng ‘guwapo’.”

“Guwapo,” kibit-balikat niya. “’Yung puwedeng lumabas sa TV or sa movie bilang leading man.”

“Hmm...” Bahagyang tumirik ang mga mata ni Ace. “I guess kung ’yun lang ang pamantayan.”

“Ahh...” Tumangu-tango siya.

*Eh, ano naman ang gagawin mo sa impormasyong iyon?* naitanong ni Pearl sa sarili.

“Sandali,” kinagat-kagat nito ang labi. “Nakalimutan ko ‘yung isang kasamahan namin, partner ni Andrei. ’Yun mukhang goon.”

Humagikgik siya sa tinuran nito. “Ang sama mo!”

“Wala naman akong masamang intensyon!” tanggi niya. “Totoo namang mukhang goon si Ellie, eh.”

“Gan’un yata ang bagay sa akin.” Bahagyang namatay ang tawa sa kanyang lalamunan.

Nakita niya ang pagkunot ng noo ng kausap. “Ano ’yun?”

“Wala.” Iniwagayway niya ang kamay.

*Lord, ano na naman ang nasabi ko?*

“Ah, hindi ka na ba gumagawa ng commercial ngayon?” pag-iiba niya ng usapan. Baka maisip pa nito na may ibig sabihin nga siya sa huli niyang sinabi.

Umiling ito. “Ayoko na, eh.”

“Bakit naman? Sayang ang opportunity.” *Buti hindi niya na-gets*.

“Di naman,” iling ni Ace. “Pinakinabangan ko na iyon. Tama lang na mag-concentrate ako dito sa trabaho ko.”

“You love doing this, ano?”

“Mula pa bata ako, hilig ko nang manood ng mga police at saka mga crime stories,” pagbabahagi nito.

“So tinototoo mo iyon ngayon,” ani Pearl.

Masayang tumango ito. “It’s the adrenaline rush. At saka ’yung excitement ng pag-solve ng kung sino ang may sala, saan siya nagtatago, paano nila nailusot ’yung crime….”

“And gusto mo ding humawak ng baril,” sabad niya.

Matamang tumitig ito sa kanya. “Yes, gusto kong humawak ng baril.”

“Sana matuto din ako.” Ipinorma ng dalaga ang mga kamay na parang may inaasinta siya. “Kaya lang, baka hindi ko makayanan. Malabo ang mata ko, eh.”

“Kaya mo ’yan,” tiwala nitong saad. “Kahit bulag puwedeng matutunan umasinta base sa mga naririnig niya sa paligid.”

Aba naman, marunong humilot ng ego. Mai-in love na ba siya rito?

“Halika na.” Tinapik niya ang bisig nito bago siya nagpatiuna pabalik ng bahay. “I’m sure hinahanap na nila tayo for dinner.”

“Sige.” Sumunod ito.

Nilingon niya ang binata. Posible palang may mas guwapo pa kay Doc Sam. Pero...

*Friend, Pearl. Isa siyang friend.*

# 4

Wala sa hinuha ni Pearl kung gaano kaseryoso ang naungkat nilang kaso. O alam niyang seryoso iyon bilang ilegal nga ang mining operations at may mga naaapektuhang inosenteng mamamayan mula sa gawain ng kinukuwestiyong kompanya, pero walang naging palatandaan na maaaring maghatid iyon ng matinding peligro sa kanila.

Buong maghapon kasi kahapon ay hindi niya nakita ang dalawang taga-*NBI*, presumably dahil naroon ang mga ito sa site kung saan nila nakita ang nakatagong minahan. Nang gumabi lang niya nasilayan ang mga ito, sa harap na ng hapag.

Wala silang pinag-usapan nang gabing iyon patungkol sa bini-build up na kaso. Sa katunayan, panay biruan at kababawan ang pinagsaluhan nilang kuwentuhan. Napansin nga lang niya na tila umiiwas ang mga lalaki na dalhin ang usapan sa mga detalye ng kaso kaya nanatili sa mga walang kuwentang kalokohan ang bini-bring up ng mga ito.

Hanggang sa nag-umaga na. Nagulat na lang si Pearl nang gisingin siya ng sunud-sunod na katok sa kanyang pinto. Binuksan na iyon ng kung sino man

nang hindi hinihintay ang pahintulot niya.

“Ace!” tili niya. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

Bumalikwas siya at agad na hinagilap ang salamin sa mata. Nakakatawa pero kahit hindi niya nakita nang malinaw ang tao, alam niya kung sino ang pumasok dahil lang sa naaninag niyang kilos nito. Pamilyar na pamilyar sa kanya ang imbay ng katawan nito.

“Magbihis ka.” Tinungo nito ang closet at sinimulang ilabas lahat ng damit at gamit niya. “Kailangan nating umalis agad.”

“Teka sandali!” Tumayo siya para pigilan ito sa ginagawa. “What are you doing?”

“We’ve just received threats. May binabalak na hindi maganda iyong may-ari ng minahan,” paliwanag nito habang pinagpapatuloy ang pagsinop sa mga kagamitan niya. “Nasa peligro kayo ni Doc Sam.”

Naramdaman ni Pearl ang pag-usbong ng panic sa gitna ng kanyang dibdib sa sinabi nito. Nanatili tuloy siyang parang tuod na nakatayo sa paanan ng kama habang pinanonood ito sa ginagawa.

“Eh, pero...” Luminga siya, hindi alam kung

ano'ng sasabihin o kung ano'ng gagawin. "Ano'ng isusuot ko?"

Humarap sa kanya si Ace. Hindi niya inaakalang naglakad siya at umabot hanggang sa halos likuran nito. Nabangga siya nito nang bumaling sa kanya at matutumba sana kung hindi siya nito mabilis na naalalayan.

"Careful," sambit nito.

Itinaas niya ang tingin sa mukha nito. Nakaawang ang kanyang mga labi sa gulat, lalo pa sa katotohanang ni minsan ay hindi pa siya napalapit nang ganito sa kahit sinong lalaki maliban sa kanyang ama.

Kumurap ang mga mata nitong hindi umaalis ang pagkakatuon sa kanyang mukha. Dama niya ang init ng mga bisig nito sa palibot ng kanyang katawan. Pati tibok ng puso nito ay nararamdaman ng mga palad niya na tumatambol sa likod ng suot nitong pang-itaas. She could feel the hardness of his chest against her breasts. Nahihiya tuloy siya na baka nararamdaman nitong apektado siya sa pagkakalapat ng katawan nito sa kanya lalo at manipis na cotton ang fabric ng suot niya bilang pantulog.

Lumunok ito. "I'm sorry," bulong nito habang marahan siyang pinakakawalan.

Ewan lang niya pero parang nanghinayang siya nang husto nang kumalas ito at naramdaman niyang muli ang lamig na dulot ng umaga.

"I... It's..." Hinawi niya ang buhok niyang mala-pugad ng ibon na sabog na sabog sa palibot ng kanyang ulo. "Ano'ng gagawin ko?"

She felt and sounded so helpless, nagsimula tuloy mamasa ang kanyang mga mata.

"Hey," mapag-alalang hinaplos nito ang magkabila niyang pisngi. "'Wag kang matakot, ako'ng bahala."

Hinintay lang siya nitong mag-react bago ito tumalikod at nagsimulang humugot ng maisusuot niya—t-shirt, maong, pati underwear.

"Go and change, ako na dito sa mga gamit mo." Marahan siya nitong itinulak patungo sa direksyon ng banyo.

Ilang saglit siyang tumayo sa harap ng toilet, yakap sa dibdib ang pagbibihisan. Lumingon siya at nakita ang sarili sa salamin doon.

Namimilog ang mga mata niya sa takot. May mantsa ng pinaglandasan ng luha sa magkabila niyang pisngi at mukhang pinagpugaran ng manok ang buhok niya.

Ganitong-ganito ang hitsura niya noong... Parang tumigil sa pagtibok ang puso niya sa kaba.

No. That was a long time ago.

"Pearl? Okay ka lang ba diyan?" Halos mapatalon siya sa gulat nang marinig niya ang katok ng binata.

"Ah, yeah," aniya sa mahinang boses.

Awtomatiko ang naging kilos niya. Inilapag niya ang mga damit sa water tank bag binuksan ang gripo sa lababo. Naghilamos siya, nag-toothbrush, nagtali ng buhok at saka mabilis na nagpalit ng damit. By the time matapos siya, nahimasmasan na rin siya. Paglabas niya mula sa banyo, isinasara na ni Ace ang kanyang bag.

"Let's go?" Nilingon siya nito.

"Si Sam?" tanong niya. Di yata't aalis silang hindi ito kasama.

"Kasama niya si Andrei." Binuhat nito ang bag niya.

"Pero nasaan sila?" Sumunod siya rito nang maglakad ito patungo sa pintuan.

"Nagliligpit ng mga gamit at papeles." Ipinagbukas siya ni Ace ng pinto at hinintay siyang lumabas mula

roon. “Mauna na tayo.”

“Hindi pa ba puwedeng magsabay-sabay na lang tayo?” pangungulit niya.

Wala itong sagot na ibinigay. Nagsimula lang itong maglakad nang mabilis patungo sa hagdanan, papanaog sa ground floor hanggang palabas ng garahe.

“Ace!” habol niya.

Binuksan nito ang likod ng nakaparadang *Honda Civic* para roon ilagay ang kanyang bag. Sumunod ay binuksan nito ang pintuan sa passenger side saka siya minuwestrahan para sumakay.

“Ace, ano ba!” Ipinadyak niya ang paa. “May itinatanong ako.”

“Sakay na, Pearl, we have to go,” mariin nitong utos.

“Ayoko. Gusto kong hintayin natin sina Sam.”

“At hindi ikaw ang masusunod sa pagkakataong ito kundi ako.”

Hindi niya sigurado kung anong mayroon sa pagkakasabi niyon ng binata. Mahina lang naman ang boses nito pero natakot siya nang husto.

Nabasa siguro nito ang takot na expression sa mukha niya. Pumikit ito, huminga nang malalim at saka pinisil ang pagitan ng mga mata.

“I’m sorry, Pearl, hindi ko gustong magalit.” Hinaplos nito ang gilid ng kanyang ulo. “Please, just do as I ask and get in the car. Sa Manila na natin sila hihintayin.”

Hindi na siya tumutol ni nagsalita. Sumakay siya sa sasakyan at nang maikabit niya ang seatbelt, isinara nito ang pinto para maupo sa driver seat. Binuhay nito ang makina, nagmaniobra palabas ng villa at saka pinaharurot palayo ang kotse.

Rumagasa sila sa provincial highway hanggang makalabas sa national highway. Pinanood niya ang nilalampasan nilang mga palayan, puno at gasolinahan sa dinaraanan, pati na ang iba’t ibang uri ng sasakyang kasabay nila sa highway. Kulang na lang siguro ay lumipad sila sa bilis ng pagpapatakbo nito.

Kasabay ng pangitain sa labas ay nagsisimulang mabuhay ang mga alaala sa kanyang nakaraan.

*“Daddy, hindi na natin aabutan si Mommy.”*

*“No, anak, makikita pa natin siya.”*

*“Daddy, paano kung makaalis na siya?”*

*At bumilis nang bumilis ang sinasakyan nilang kotse hanggang.....*

Hindi niya sigurado kung nasaang bahagi na sila ng SLEX nang sa wakas ay makuha niyang magsalita.

"Ace," bulong niya as she felt overwhelming panic fill her. "Please slow down."

"Ano 'yun?" Bahagya lang itong sumulyap sa kanya.

"Too fast. Can't. Slow, please," disjointed niyang pakiusap. At nagsimula siyang mag-hyperventilate.

---

*Oh, sh*t...* Napamura sa isip si Ace. *What's going on?*

Ang instruction sa kanya ni Andrei ay kuhanin si Pearl at dalhin sa ligtas na lugar as fast as he possibly could. Early that morning, may naghatid sa kanila ng isang nakababahalang mensahe: Isang bala ng .45 caliber na nakabalot sa papel. Nakasaad sa papel na hindi basta-basta magpapatalo ang may-ari ng minahan at sa oras na magkagipitan, may mga buhay na kapalit. Lalo pa kung mangangahas silang tumawag ng backup.

Kaya siya rumaragasa sa highway. Kailangan

nilang makarating sa safehouse. Kung sila lang ni Andrei, wala sanang problema dahil trained silang pareho sa labanan pero dahil may ibang buhay na kailangang isaalang-alang, hindi sila maaaring magsapalaran.

Pero ano ang nangyayari ngayon? Pearl looked absolutely terrified. Imbis na mapangalagaan niya ang kaligtasan nito, siya pa yata ang magiging dahilan ng kapahamakan nito.

"Sandali lang, Pearl," malumanay niyang saad habang unti-unting binabagalan ang pagpapaandar ng sasakyan. "Hold on, itatabi natin."

"I'm sorry," hikbi nito. "I'm sorry."

"No, no..." aniya para pakalmahin ito. In-extend niya ang isang kamay para haplusin ang gilid ng ulo nito. "Pearl, please don't cry. It's okay."

Nanginginig ito, nakikita niya. At wala itong patlang sa pag-iyak.

"Sam," tawag ng dalaga sa pangalan. "Gusto kong makausap si Sam, please?" Itinuon nito ang luhaang mga mata sa kanya nang sa wakas ay nakaparada sila sa shoulder.

"Hindi ko alam kung mako-contact natin sila,"

inilabas niya ang cellphone at sinimulang mag-dial ng numero, "pero susubukan natin. Okay?"

Ewan niya lang kung naiintindihan nito ang sinabi niya dahil nanatili lang itong nakatitig nang lagpas sa kanya. Impit ang paghikbi nito at paulit-ulit lang na sinasambit ang pangalan ng doktor.

"Pearl." Inilapag muna niya ang cellphone sa dashboard at saka malumanay na hinawakan ang magkabilang pisngi ng babae, "I think nagmamaneho din si Andrei kaya hindi niya masagot ang tawag ko."

Umiling ito at hysterical na nagpumilit ng gusto. "No, I have to talk to Sam, parang awa mo na. Kailangan ko si Sam. Alam niya kung ano'ng gagawin."

"Sweetheart," kinabig niya ang babae at niyakap para tumigil ito, "I'm sorry. Hindi ko sinadyang matakot ka. Hindi ko alam na ayaw mo na mabilis ang takbo natin," bulong niya habang hinahagod ang likod nito.

"Namatay ang daddy ko," nagsimula itong magkuwento. "I was there. Sinabi ko kasi bilisan niya. Baka makaalis na ang mommy ko."

"Pearl, shh." Inilapat niya ang kanyang labi sa ulo nito. "It's not your fault. Wala kang kasalanan."

"Kasalanan ko. Ayokong umalis ang mommy ko. Dapat hindi na lang nag-drive si Daddy. Dapat hindi na lang kami humabol." Patuloy itong humagulhol.

"Sweetheart, walang may kasalanan sa pagkamatay niya. It was an accident. Walang may gusto na maaksidente kayo." Hindi niya alam gaano kung ano ang sinasabi niya, pero hinayaan niya lang ang sariling magsalita at magbanggit ng endearments para matuon sa iba ang iniisip ng dalaga.

"Gusto ko lang namang makausap ang mommy ko," ang makapunit sa pusong hinagpis nito.

"I know, baby, I know." Humigpit ang pagkakayakap niya rito.

Nanatili sila sa ganoong puwesto hanggang humupa ang pag-iyak nito. Nang sa palagay ni Ace ay kalmado na ang babae, marahan niyang inihiwalay ang katawan dito.

"Okay ka na ba?" He ran his thumbs across her wet cheeks.

Sumisinghot pa ito pero tumango na rin.

"Gusto mo bang dumaan tayo ng gas station para makapag-bathroom ka?" Sumandal na siya sa upuan.

Huminga ito nang malalim bago tinanggal ang

suot na salamin sa mata. Gamit ang palad, tinuyo nito ang basang mga pilik. "I'm okay. Puwede naman tayong tumuloy na. Pasensya ka na, Ace, I didn't mean to break down."

"Hindi mo naman kailangang mag-sorry." Nginitian niya ito.

"I know," kibit nito, "pero nakakahiya kasi sa iyo."

"It's okay," muli niyang assure dito.

Sobrang vulnerable ng hitsura nito. Naramdaman tuloy niyang may kumurot sa kanyang puso. Muli siyang dumukwang para gawaran ito ng halik...

He swore, sa pisngi lang nito niya binalak humalik. Iyong halik na para sana sa isang kaibigan. O sa isang nakababatang kapatid na nagising sa kalagitnaan ng gabi dahil sa isang masamang panaginip.

But his mouth was on hers bago pa man niya naintindihan ang kanyang ginawa. At walang inosente sa kung ano ang gusto niyang makuhang tugon dito. Dahil ang nalasahan ni Ace ay tila matamis at nakalalangong alak. Nadaragdagan ang pagkaliyo niya sa malasutlang pakiramdam ng mga labi nito sa kanya.

Heart pounding, his lips moved tentatively against

hers, gently coaxing them to part so he could taste more of her. Nang hindi ito tumutol, pinangahasan niyang itaas ang mga kamay sa magkabilang gilid ng ulo nito para isuklay ang mga daliri sa mga kulot na hibla ng buhok nito. Hinaltak niya ang garter na nagtatali doon nang mahigpit at nang lumadlad iyon, napuno ang paligid ng mabangong samyo ng isang harding hitik sa bulaklak sa buwan ng Mayo.

"You smell so good," anas ni Ace.

Nanghinayang siya nang matindi nang dahil sa mga katagang iyon, tila nabasag ang nabuong intimacy sa pagitan nila ng dalaga. Naramdaman niya ang pagtulak nito.

"Ace, I can't... I d-don't..." pakiusap nito, shrinking back into her seat.

"I'm sorry, Pearl." Inihilamos niya ang kamay sa mukha. "That was uncalled for. I'm sorry."

Nagkibit lang ito saka tumitig sa labas. "Tayo na."

Huminga siya nang malalim para pababain ang nararamdamang pagnanasa bago muling buhayin ang makina ng sasakyan.

Wala nang umimik sa kanila hanggang sa umabot sila sa safehouse na pagdadalhan niya rito.